

manilaw-nilaw na may itim na spot sa mga pakpak. Kung mag-iisprey, tutukan ang likuran ng dahon ng sitaw.

5. Aphids-maliliit ang mga itim na insektong ito na tinatawag ding hanep. Kinakain nito ang mga katas ng dahon at bungang sitaw. Mag-isprey ng nararapat na pestisidyo.

Pamamahala sa sakit

Ilan sa mga sakit ng sitaw ay cowpea rust o brown rust, Bean mosaic, at anthracnose. Magisprey ng fungicides ng lingguhan. Bunutin ang mga tanim na may impkesiyon at sunugin upang hindi na kumalat.

Pag-aani

Sa loob ng isa at kalahating buwan pagkatanim, maaari nang anihin ang sitaw. Umani ng dalawang beses sa loob ng isang linggo. Ilagay ang mga sitaw sa malilim na lugar upang hindi malanta. Ihiwalay ang mga bungang may sakit o may pinsalang kulisap upang hindi na makasira pa ng presyo. Ilagay sa mga plastic bags at dalhin sa pamilihan.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Department of Agriculture
Regional Field Unit 3
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops
Development
Program



Pag-aalaga ng
SITAW

Pag-aalaga ng Sitaw

Sitaw (*Vigna unguiculata* L.)

Ang sitaw ay isang legumbre na malawakang itinatanim sa Pilipinas. May dalawang uri ng sitaw ang itinatanim. Ito ay ang pole sitaw at bush sitaw. Nagbibigay ito ng magandang pagkakitaan at pagkukuhanan ng protina. Maari din itong gawing sangkap sa paggawa ng pagkain ng hayop.

Tumutubo ang sitaw sa lugar na kapatagan na ang temperatura ay mula 20 -35 degrees C. Maitatanim ang sitaw sa maraming uri ng lupa at medyo mas matibay ito sa maasim na lupa. Mahina ang ani ng sitaw kapag naitanim sa mga lugar na mahirap patuyuan sa tubig. Pumili ng lupa na medyo buhaghag (sandy to sandy loam) at maraming organikong materyal.

Mga barayeti

UPL PS-1 o Sandigan. Ani: 13.3 tonelada bawat isang ektarya sa panag-ulan. 24.2 tonelada bawat ektarya kung panahon ng tag-araw. Matingkad na luntian ang balat, malutong, maganda ang hipong balat. Aprobado ang barayeting ito ng NSIC.

UPL PS-2 o CSL 19 o Ana. Ani: 7.1 tonelada bawat ektarya sa tag-ulan; 12.6 tonelada bawat ektarya sa tag-araw. Malabong luntian ang kulay. Aprobado ng NSIC and binhing ito ng sitaw.

Bukod sa dalawang naunang barayeti ng sitaw, may ilan na ring mga mataas na uri ng binhing sitaw ang nabibili sa ilang mga kilalang pinagkukuhanan ng binhing sitaw gaya ng East West, Allied Botanical Corp., Ramgo na nagbebenta ng mga sitaw na hybrid. Mataas umani ang hybrid at maresistensiya sa mga sakit.

Paghahanda ng lupa

Araruhin ang lupa gamit ang rotavator kung maluwang o ararong gamit ang kalabaw sa mga maliliit na taniman. Magpalipas ng 7 araw upang mabulukan ang mga damo sa inararong lupa. Basagin ang lupa gamit ang paragos kung hila ng kalabaw. Tiyakin na maganda ang

pagkakabasag sa lupa. Ihanda ang mga kama. Ihanda ang tudling na may 75 cm.

Ang agwat

Isang lingo bago magpatanim o sa huling paglilingang, maglagay ng 10 toneladang organikong pataba bawat isang ektarya at ihalo sa lupa. Takpan ang kama ng itim na plastic mulch na nabibili na ngayon upang mapatagal ang halumigmig sa lupa at mapigilan ang pagtubo ng mga damo at pagdapo ng mga kulisap.

Pagtatanim

Karaniwang itinatanim ng direkta ang sitaw mula sa buto bagama't maari din itong ilipat tanim. Nangangailangan ang sitaw ng may 10-20 kilo ng binhi kung pole sitaw at 25-30 kilo naman kung bush sitaw sa isang ektarya. Gumawa ng tudling na may lalim na 20 cm. Taniman ang unang dalawang tudling, ngunit iwanan ang ikatlong tudling at hayaang bakante. Ito ay upang magkaroon ng espasyo para sa iba pang operasyon sa taniman ng sitaw. Ang distansiya ng mga tudling ay 100 cm kung pole sitaw at 75 cm naman kung bush sitaw ang itatanim. Maglagay ng 2-3 buto bawat butas na 30 cm bawat tundos. Takpan agad ng manipis na lupa pagkatanim ng buto. Pagkaraan ng dalawa hanggang tatlong lingo bawasan ang mga tumubong buto at mag-iwan lamang ng isang pinakamaluso ng tanim.

Pag-aabono

Ang dami ng ilalagay na abono ay ayon sa resulta ng soil analysis na isinagawa. Ngunit kung walang soil analysis, maglagay ng isang kutsarang 14-14-14 sa bawat puno at takpan ng lupa. Sa unang buwan ng paglaki ng sitaw, maglagay ng isang gramo ng magkahalong 2 bahaging Urea at isang bahagi ng Muriate of Potash (0-0-60) bawat puno. Magdagdag ng Rhizobium upang mabawasan ang ilalagay na komersiyal na abono. Inihahalo ang Rhizobium sa binhi bago magpatanim.

Pagpapatubig

Paagusan agad ng tubig ang sitawan pagkatanim upang maganda at parehas ang tubo ng binhi. Sa tag-araw, magpaagos ng tubig sa pagitan ng mga tudling sa bawat sampung araw. Sa tag-ulan, magpatubig lang kung kinakailangan.

Paggagamas

Bunutin ang mga tumutubong damo sa sitawan. Maaring paraanan ng hand tractor ang pagitan ng mga tudling kung may pagdaraan.

Pagbabalag

Maglagay ng mga kawayang balag o kahoy na 2.5 metro ang haba at 2.5 meter ang bilog sa distansiya ng 4-5 metro sa mga tudling. Lagyan ng alambre (#16) at ikabit sa mga poste ng balag. Gumamit ng plastic o nylon na panali at ikapit ito sa mga alambre nang pahalang sa bawat puno ng sitaw mula ibaba pataas. Ipaikot ang baging ng sitaw sa mga pahalang na taling plastic o abaka. Sanayin ang mga tanim na sitaw na umakyat sa balag habang ito ay lumalaki.

Pamamahala sa kulisap

1. Beanfly – ang paru-parong ito ay kulay itim at nagingitlog sa dahon ng sitaw. Mag-isprey ng systemic pesticides. Maari din gumamit ng Fermented Pesticides na ginamitan ng bawang, sili, kakawati at pinagsabunan. Iisprey sa sitawan.

2. Bean pyralid o beanfly borer- ang paru-parong ito ay kulay kape. Ito ay nangingitlog karaniwan sa mga bulaklak ng sitaw. Ang uod nito ay malakas manginain ng mga bulaklak na nakasisira sa bunga. Gumamit ng gaya sa nabanggit sa unahan.

3. Black Cutworm – nangingitlog ang kulisap na ito sa mga dahon ng damo o sa likod ng dahon ng sitaw. Ang uod nito ay nakabaon ng 1-2 dali sa lupa. Malaki ang sira sa sitaw sa unang lingo pagkatubo ng sitaw. Mag-lagay ng granules na insecticide sa lupa.

4. Leafhopper – ang paru-parong leafhopper ay